الحرز الموهوم

ANG KURU-KURONG AGIMAT

إعداد

محمد بن سليمان المفدي

١٤٢١ هـ

INIHANDA NI: MUHAMMAD BIN SULAIMAN AL-MUFDIY 1421 h.

ترجمة: محمد طه علي

Salin sa Tagalog ni: Muhammad Taha Ali

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

ANG KURU-KURONG AGIMAT

INIHANDA NI: MUHAMMAD BIN SULAIMAN AL-MUFDIY

Ang pagpupuri ay para sa Allah lamang na Siyang nagtakda sa mga dahilan ng mga nagaganap sa Sanglibutan, at Kanyang inaalintana kung minsan ang mga dahilan na ito, upang ito ay hindi ipagpalagay ng mga tao bilang mga diyus-diyusan, at Kanyang isinaalang-alang ang mga kadahilanang ito at ang mga kaganapan nito batay sa Kanyang mga naitakdang tuparin, kaya walang anumang bagay na maaring maglaho dito nang walang nakatakdang layunin. Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa sinumang isinugo, bilang isang habag sa lahat ng daigdig, upang sila ay maging kagiliw-giliw sa Allah….Ang sumunod dito:

Samakatwid, tunay na nilikha ng Allah ang daigdig na ito mula sa wala, at Siya ang nangangasiwa rito kung paano Niya naisin, ayon sa Kanyang loobin at layunin. At Siya ang nagtakda ng kaayusan sa pagkaroon ng Kanyang mga nilalang, ang iba sa mga ito ay nasa ibabaw ng iba. Kung kaya't ang iba sa mga ito ay ginawa Niyang mga dahilan para sa iba.

At ang mga sinaunang ***Mushrik*** (mga nagtatakda ng katambal sa Allah) ay hindi naniniwala, na ang kanilang mga sinasamba (bukod sa Allah)ay may karapatan at kakayahang mangasiwa sa daigdig, o kakayahang magdulot ng (anumang) pakinabang at kapinsalaan, bagkus kanilang pinaniniwalaan na iyon ay natatangi sa Allah lamang.

Sinabi ng Allah: ﴿ ثم إذا مسكم الضر فإليه تجأرون ﴾
{Pagkatapos, kapag kayo ay dinaitian ng kapinsalaan, sa Kanya kayo nagtataas ng boses (sa paghingi ng saklolo).} An-Nahl: 53
kung kaya't dahil dito ay inutusan ng Allah ang Kanyang Propeta (ﷺ) na sabihin sa kanila:

﴿ قل أفرأيتم ما تدعون من دون الله إن أرادني الله بضر هل هن كاشفات ضره أو أرادني برحمة هل هن ممسكات رحمته قل حسبي الله عليه يتوكل المتوكلون ﴾

{Sabihin (O Muhammad ﷺ): "Kung gayon, ipabatid ninyo sa akin, ang tungkol sa inyong mga sinasamba bukod sa Allah, na kung hinangad ng Allah na ipadaiti sa akin ang anumang kapinsalaan, sila ba'y makapagpapawi ng kapinsalaan na idudulot Niya? O kaya'y kung Kanyang hinangad sa akin ang isang habag, Kaya ba nilang pigilin ang ipagkakaloob Niyang habag?" sabihin: "Sapat na para sa akin ang Allah; sa Kanya iniuukol ng mga umaasa ang kanilang pagtitiwala}. Az-Zumar: 38

Kung kaya't nang tanungin sila, tumahimik na lamang sila, dahil hindi nila pinaniniwalaan na ang mga iyon ay nasa mga ito. Subalit ang ilan sa mga Muslim – Patnubayan nawa sila ng Allah – ay naisadlak ni Satanas sa kamalian. Kung kaya't kanilang isina-alang-alang ang kanilang kinabukasan at ipinagkatiwala ang kanilang kalagayan sa isang gulanit na damit, sinulid o sapatos, kanilang inaakala na ang mga ito ay may kakayahang magdulot ng anumang pakinabang at sumanggalang ng anumang kapinsalaan!! Kung gayon, nasaan na sa kanila ang pagtupad sa kadulu-dulohan ng talatang ito? Nasaan na ang paniniwala, na ang Allah ang Siyang tagapanagot sa iyo at tagasapat, at hindi ang sinulid, at gulanit na damit, tela, at sapatos?!

Nasaan na ang pagtitiwala sa Allah, Hindi sa mga walang-kuwentang bagay na ito? Hindi mo ba alam o aking kapatid, na ang Allah ay nakasasapat sa sinumang nagtiwala sa Kanya, at nagtatanggol sa kanya mula sa lahat ng masama:

﴿ ومن يتوكل على الله فهو حسبه ﴾

{At sinuman ang magtiwala sa Allah, Samakatwid, Siya ay Makakasasapat sa kanya}. At-Talaq: 3

At bakit! May iba pa ba, pagkatapos ng kasapatan ng Allah sa iyo?! At bakit, maari bang sa isang sinulid lamang, tsenilas, tela o balat ang siyang sasapat sa nagmamay ari nito o magtatanggol sa kanya?!

﴿ ءآلله خير أما يشركون ﴾

{Ang Allah ba ang higit na mainam o ang anumang itinatambal nila (sa Kanya)}. An-Naml: 59

Hindi lamang iyon, kundi. nakakapagtanggol ba ang mga walang kuwentang bagay na ito sa kanilang sarili mismo ng kahit bahagya?! Ano kaya kung sadyain mo ang mga ito at iyong pagpunit-punitin o sunugin. Ano! maipagtatanggol ba nila ang kanilang sarili?! Kung gayon, paano ka nito maipagtatanggol, O ikaw na Tao?!

﴿ ولا تدع من دون الله ما لا ينفعك ولا يضرك فإن فعلت فإنك إذاً من الظالمين، وإن يمسسك الله بضر فلا كاشف له إلا هو وإن يردك بخير فلا راد لفضله يصيب به من يشاء من عباده وهو الغفور الرحيم ﴾

(At huwag humiling bukod sa Allah na hindi nakapagdudulot sa iyo ng kabutihan ni hindi nakapipinsala sa iyo, at kung iyong ginawa, magkagayon, tunay na ikaw ay kabilang ng mga ***Zalimun****. At kung ipadadaiti sa iyo ng Allah ang isang kapinsalaan, tiyak na walang makapapawi nito maliban sa Kanya at kung ipagkakaloob Niya sa iyo ang isang kabutihan, tiyak na walang makahahadlang sa Kanyang kagandahang-loob, Kanyang ibinibigay ito sa kaninumang naisin Niya mula sa Kanyang mga Alipin, at Siya ang Mapagpatawad, ang Mahabagin).* Younus: 106-107

O ikaw na pinarangalan ng Allah sa pamamagitan ng talino at pinataas sa pamamagitan ng mga Kapahayagan, bakit hindi ka mag-isip-isip nang matagal: Ano ang pagkaiba ng mga ito sa ibang bagay na bukod dito? Maaring sasabihin mo: "Aking pinagtatali-tali ito at hinihipan!" Aking sasabihin: " Bakit hindi mo na lang itakda ito batay sa lihitimong pag-ihip mula sa Aklat (Qur'an) at sa Sunnah sa tamang mga kalagayan nito. at tapos?!! At manatili sa kung ano ang ginagalawan ng Propeta ﷺ at ng kanyang mararangal na mga Tagasunod (kalugdan nawa sila ng Allah) at naroroon ang lahat ng kabutihan.

Aking ikinatatakot na iyong masabi: "Ako'y nagsadya sa isang Manggagaway at siya ay nagbuhul-buhol ng sinulid dito (hinggil sa panggagaway) para sa akin! At iyon – *sumpa sa Panginoon ng* ***Ka'bah*** – ay napakadakilang kapahamakan!!

Katotohanan, ang sinumang nagsadya sa isang Astrolohiya o Manghuhula ay hindi ipapasulat para sa kanya ang ***Salah*** sa loob ng apatnapung araw, subalit ang sinumang nagpatotoo sa anumang sinasabi nito. sa katunayan siya ay tumalikod sa anumang ibinaba kay Muhammad ﷺ, ang pagpapakupkop ay sa Allah lamang (kaya magpapakupkop tayo sa Kanya laban dito).

Ang pamamaraan ng pakipag-ugnayan sa mga nilalang sa iyong kapaligiran ay tunay na maliwanag sa relihiyon ng Allah, sa katunayan, kapag ang Propeta ﷺ ay tumanggap ng anumang bagong bagay ay kanyang pinuri ang Allah dahil sa panustus na ito, at kanyang hilingin sa Allah ang maidudulot nitong kabutihan at kabutihan ng anumang maari niyang gawin para dito, at siya ay nagpapakupkop sa Allah laban sa kasamaan nito at sa kasamaan ng anumang maari niyang gawin para dito, at pagkatapos ng panalanging ito, kailanman ay walang darating sa iyo mula sa bagong panustus na ito, kundi tanging kabutihan – “Sa kapahintulutan ng Allah”.

Nasaan ka na o aking kapatid sa mga ***Dhikr*** (paggunita) ng umaga’t hapon?! Samantalang ito ang siyang totoong mga agimat at kuta na makakapananggalang sa kapahintulutan ng Allah?!

Nasaan ka na o aking kapatid, sa armadong mga kawal na ito mula sa mararangal na mga Anghel, na sila ay pinasa-ilalim ng Allah para sa iyong kapakanan?!

﴿ له معقبات من بين يديه ومن خلفه يحفظونه من أمر الله ﴾

{Sa kanya ay may nagmamatyag na mga Anghel na magkasunod-sunod, mula sa kanyang unahan at sa kanyang lekuran, kanilang pinangangalagaan siya mula sa kautusan ng Allah}. Al-Ra’ad 11

At sa tuwing pinangalagaan mo ang simbulo ng iyong pagka-Islam, ang pangangalaga (sa iyo) ay nagiging higit na dakila.

Katotohanan, habang iyong isinasagawa ang ***Salah*** sa madaling araw nang ***Jamaah*** (sama-samang pagdarasal), ikaw ay napapasailalim sa pananagutan ng Allah, pangangalaga at Kanyang pagkukupkop hanggang sa kinahapunan, Ngayon mangangailangan ka pa ba ng iba pagkatapos ng Allah?!

Katotohanan, habang ikaw ay lumalabas mula sa iyong tahanan, at iyong sinabi: "***Bismillah, tawakkaltu ala Allah, wala hawla wala quwwata illa Billah, Allahumma inni audhu bika an adhilla aw udhallo aw azilla aw uzalla aw adhlim aw udhlam aw ajhalla aw yujhala alayya***" *(Sa pamamangitan ng pangalan ng Allah, aking ipinagkakatiwala sa Allah ang aking pag-asa, walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ng Allah. O Allah! Katotohanan, ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa aking pagkaligaw o mailigaw, O sa aking pagkasadlak sa kamalian o isadlak sa kamalian, O sa aking paggawa ng hindi makatarungan o isadlak sa paggawa nito, O sa aking pagkalingat o magawan ng pagkalingat laban sa akin),* Sasabihin sa iyo: " Ikaw ay nasapatan, napatnubayan at kinalinga. Kaya lilihis sa iyo si Satanas at lalayo, na nagsasabi sa kanyang mga kasamahan: "Paano mapapasa inyo ang isang lalaki na nasapatan, napatnubayan at kinalinga? Samakatwid, ano pa ang iyong hinahanap o aking kapatid pagkatapos nito? Iiwanan mo ba ang lahat ng ito … at magkukubli sa isang sapatos o gunalit na damit o mga katulad nito?! At ang katiyakan dito, tunay na wala itong maidadagdag sa iyo kailanman, kundi kapahamakan.

Kaya makinig sa marangal na maka-propetang sanaysay na ito: *"Nakita ng Propeta ﷺ ang isang lalaki na nasa kamay nito ang isang kawil na tanso, at kanyang sinabi: (Ano ito?). ang sagot ng lalaki: buhat sa* ***Al-Wahinah*** *(panlaban sa sakit na panghihina dulot ng katandaan). Sinabi ng Propeta (ﷺ): "Tanggalin mo iyan, dahil wala itong maidadagdag sa iyo kundi higit na kahinaan, at kung ikaw ay namatay at ito ay nasa iyo, kailanman ay hindi ka magtatagumpay".* Nailathala ni Al-Imam Ahmad, na naiulat ni Imran bin Haseen (Ra).

Ang ***Al-Wahinah***: (Ugat na nagdudulot ng sakit at kahinaan sa parteng balikat at sa kabuuan ng kamay).
Samakatwid, lubos na ikinatakot ng lalaking ito sa kanyang sarili ang sakit na ito, kung kaya't kanyang inilagay ang kuru-kurong agimat na ito.
Hindi mo ba alam na ikaw ay higit na makakatamo ng lakip-lakip na talunan sa iyong mga tinakasan, nang iyong ikabit ang kuru-kurong mga agimat na ito.
At sapat na, ang iyong pagkasadlak sa ilalim ng kapootan ng panalangin ng Sugo ﷺ sa kanyang sinabi: *"ang sinumang magkabit at umasa sa isang **Tamimah** (agimat), samakatwid hindi tutuparin sa kanya ng Allah (ang anumang kanyang inaasahan dito). At ang sinumang magkabit at umasa sa isang **Wada-ah**, (isang bagay na nakukuha sa dagat na parang kabibi), samakatwid walang kapanatagang ipagkakaloob sa kanya ng Allah, bagkus Kanyang ipagkakatiwala siya rito)* Nailathala ni Al-Imam Ahmad, naiulat ni Uqbah bin Amir (Ra).
Samakatwid ang panalanging ito mula sa Sugo (ﷺ) ay umaabot sa mga iyon, nang walang hanggang katapusan. Kaya ang sinumang magkabit at umasa sa isang agimat, samakatwid, hindi tutuparin sa kanya ng Allah ang kanyang inaasahang bagay dito. kung gayon, anong pakinabang ng makasalanang agimat na ito!?
At sinuman ang magkabit at umasa sa isang ***Tamimah*** (agimat), samakatwid hindi tutuparin sa kanya ng Allah (ang anumang kanyang inaasahan dito). At ang sinuman ang magkabit at umasa sa isang ***Wada-ah*** (isang bagay na nakukuha sa dagat na parang kabibi), samakatwid walang kapanatagang ipagkakaloob sa kanya ng Allah (bagkus ipagkakatiwala siya rito): isang panalangin laban sa kanya, na ang pagkabahala, pagkabalisa at kalungkutan ay mananatili sa kanya, at mailayo sa kapanatagan at katahimikan,

at (gayon din) mananatili ang takot, – na ang kaginhawaan dito ay siyang inaasam-asam na matamo – … habang kanyang ikinabit ang makasalanang mga agimat na ito.
Katotohanan, ang nakikipag-ugnayan sa mga agimat na ito, tunay na kanyang pinuputol para sa kanyang sarili ang pinto ng pangangalaga at pagkalinga mula sa Allah, O anong laking kabiguan at pagkatalunan, nang mailipat ang pangangalaga ng Allah sa pangangalaga ng isang gulanit na damit, sinulid o sapatos, (ito ay) pagpapalit para sa kaaba-abang bagay kaysa Siya na ang higit na mainam!!

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang sinumang magsabit ng anumang bagay at umasa rito, siya ay ipagkakatiwala rito". Inilathala ni Al-Imam Ahmad at Tirmithie

Ito ay bilang karagdagan pa, bukod sa pagkasadlak nito sa ***Shirk*** (pagtatambal sa Allah) – Nawa ay kukupkupin tayo ng Allah laban dito – sa ibang sanaysay ay ganito: [Sinuman ang magsabit ng isang agimat at umasa rito, magkagayon tunay na siya ay nakagawa na ng pagtatambal].

Nakita ni Hudhaifa ang isang lalaki, na sa kamay nito ay isang sinulid na pananggalang sa lagnat, kaya pinutol niya ito, at tuluyang binasa ang sinabi ng Allah:

﴿ و مـا يـؤمـن أكـثرهم بـالله إلا وهم مشركون ﴾

{At ang karamihan sa kanila ay hindi naniniwala sa Allah, kundi bagkus sila ay mga nagtatakda ng katambal (sa kaisahan ng Allah)}. Yousuf : 106

Nailathala ni ibnu Abi Haatim, ganito ang pagbabala sa kanya (ang lalaki) ni Huzaifah (Ra) batay sa kanyang sinabi : « Kung ikaw ay namatay at ito ay nasa iyo, hindi ako magsagawa ng ***Salah*** para sa iyo »
Ang bahaging kulay na ito ng ***Shirk*** (pagtatambal sa kaisahan ng Allah) ay malaking ***Shirk*** : Iyon ay kapag pinaniwalaan ng nagmamay-ari nito na ang mga kuru-kurong ito ay siya mismo ang nagdudulot ng kapakinabangan o kapinsalaan., o nagtutulak ng anumang darating na kasawiang-palad bago ang kaganapan nito, o nagpapawi ng anumang maaring maganap na sakuna bago ang pagsapit nito, kaya ito ay pagtatambal sa ***Al-Ruboobiyyah*** (pagka-panginoon ng Allah sa Kanyang gawain) !! kung saan ay kanyang pinaniwalaan na may isang katambal ang Allah sa paglikha at pangangasiwa,

At (ito rin ay) pagtatambal sa ***Al-Uboodiyyah*** (pagsamba sa Allah) : kung saan siya ay sumamba roon, at kanyang iniugnay dito ang kanyang puso, dahil sa kasakiman at pagmimithi sa maaring maidulot nito na mapakinabangan, Subalit kung ang kanyang paniniwala ay ang Allah ang Siyang tanging tunay na nagmamay-ari at nangangasiwa, ang nagtutulak at nagpapawi lamang, at ang mga ito ay sadyang mga dahilan lamang, samakatwid ito ay maliit na ***Shirk*** (pagtatambal sa Allah), subalit tunay na ito ay higit na malaki at dakila kaysa mga malalaking kasalanan, magkagayon ito ay higit na dakila at mapanganib kaysa pag-inom ng alak, pangangalunya at pagkitil ng buhay !! samakatwid ang mga ito kung gayon ay hindi pambatas na mga dahilan, At kahit na ang mga nakagawiang dahilan, na siyang

napagtanto na nakapagdudulot ito ng pakinabang sa mga tao sa pamamagitan ng karanasan tulad ng mga gamot halimbawa. Samakatwid ito ay walang iba kundi isang palaro mula kay Satanas sa mga isipan ng mga nagmamay-ari nito at sa kanilang Pananampalataya.
At sapat na rito ang kawalang sala ng Sugo ﷺ sa sinumang gumagawa ng tanikala na yari sa ***Wit'r*** (malaking ugat ng isang hayop na pinatuyo, at pagkatapos ay ginawang iba't-ibang uri ng tali, tulad halimbawa ng tali ng busog, gitara atbp.) o ang mga katulad nito mula sa mga kuru-kurong agimat na ito. Ayon sa ***Hadeeth*** na naiulat ni Al-Imam Ahmad mula kay Ruwaifi'a bin Thabit (Ra).
Magkagayon, ano pa ang iyong inaasam-asam pagkatapos niyon?!! Samakatwid kasawiang-palad at kapahamakan sa mga agimat na ito.

Sa katunayan ito ay matinding ipinagbawal ng Sugo ﷺ at siya ay nagpadala ng sugo sa mga tao, na kanyang ipanawagan ang pagtatanggal sa mga ito mula sa mga sasakyan, nagsasabi: *"Huwag na huwag mag-iwan sa liig ng isang kamelyo ng anumang kuwelyo na yari sa* ***Watr*** *(isang sinulid na parang tali ng gitara) maliban na kung ito ay putol na"* Inilathala ni Al-Bukhari at Muslim.

Kung kaya't nararapat na ang uring ito ng ***Shirk*** ay ipagsusuway at pangaralan ang mga nasasadlak dito, at tuluyang tanggalin ang mga agimat na ito na maka-***Shirk*** mula sa mga panghatid na sasakyan at bayarang sasakyan at itbp.

Katotohanan, ang pakikipag-ugnayan ng puso bukod sa Allah sa paghiling ng anumang maaring pakinabangan o sa pagtaboy ng anumang kapinsalaan, katiyakan, ito ang pinakamasamang kinasasadlakan ng tao, dahil ang pakikipag-ugnayan ay nangyayari minsan sa pamamagitan ng puso, at kung minsan ay sa gawa at kung

minsan ay kapwa sa kanilang dalawa, at ito ang pinakamapanganib, bagama't ang bawat isa sa mga ito ay mapanganib, walang pagdududa, at kahit na ang mga dahilan na ginawa ng Allah na dahilan, hindi puwedeng umasa lamang dito ang alipin, bagkus siya ay umasa sa nagdulot nito at nagtakda (ang Allah), kalakip na kanyang isagawa ang naisabatas dito at masugid niyang pagsikapan ang mga nakapagdudulot dito ng kabutihan.

Ang mga tinaguriang dahilan – gaano man kadakila ito at katibay – ito pa rin ay nakasalalay sa kapasiyahan ng Allah at sa Kanyang itinakda, walang labasan dito (sa takda ng Allah) ang mga ito kahit kasing liit ng buhok! ni mas maliit pa rito.
At bakit hindi na lang natin hilingin ang pagtaboy sa sakuna, pagpawi sa kagipitan at pagpagaan sa naitakda at pagka maging mabuti nito sa sinumang tunay na Nagmamay-ari nito?!

Kaya ang sinumang iugnay ang kanyang sarili sa Allah, at kanyang iasa sa Allah ang kanyang mga pangangailangan, ang Allah ay makasasapat na sa kanya sa lahat ng panustus, at pagagaanin sa kanya ang lahat ng mahirap, at ilalapit sa kanya ang lahat ng malayo.

Kasawiang-palad para sa sinumang iugnay ang kanyang sarili sa iba bukod sa Allah, dahil tiyak na isasadlak siya ng Allah sa kahihiyan at ipagkakatiwala siya sa mahina, mababa, walang kakayahan….na siyang inasahan ng kanyang sarili at pinagkatiwalaan.
At sinuman ang makapagligtas ng isang alipin mula sa kapahamakan ng ***Shirk*** na ito ay mapapasa kanya ang dakilang gantimpala, at sinuman ang makikipagtunggali rito, tunay na mapapasa kanya ang isang malaking gantimpala – kahit lamang mapawi ang kaanyuang panlabas ng ipinagsusuway na ito.

At aking inaasam-asam na ipasulat para sa kanya ang anumang binanggit ni Saeed bin Jubair (nawa ay kahabagan siya ng Allah): “Sinuman ang pumutol ng isang agimat mula sa isang tao, (ang katumbas nito) ay parang nagpalaya ng isang alipin.”

At ako ay magtatapos, batay sa sinabi ng ***Al-Barie*** (ang Tagapagbalangkas, ang Allah):

﴿قل يا أيها الناس قد جاءكم الحق من ربكم فمن اهتدى فإنما يهتدي لنفسه ومن ضل فإنما يضل عليها وما أنا عليكم بوكيل﴾

{Sabihin (O Muhammad ﷺ): “O kayong sangkatauhan! Sa katunayan, dumating na sa inyo ang Katotohanan mula sa inyong Panginoon, kaya ang sinumang tumahak ng tamang patnubay, samakatwid ang kanyang naaakay sa tamang landas ay tanging ang kanyang sarili. At sinuman ang tumahak sa pagkaligaw, samakatwid ang kanyang nadudulutan ng (kapahamakan ng) pagkaligaw ay tanging para sa kanyang sarili, at ako ay hindi tagapangalaga para sa inyo}. Yuonus: 108

ang pagpupuri ay para (lamang) sa Panginoon (Allah) ng mga daigdig, nawa ay pagpalain ng Allah at pagkalooban ng kapayapaan at pagpapala ang Propetang ***Ummiy*** (di marunong sumulat at bumasa – Muhammad ﷺ).